Republic of the Philippines
Department of Education

20 AUG 2020

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 059 , s. 2020

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2020

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, na nagpapahayag ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing Agosto 1–31, ang pagdiriwang ay pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Para sa sabáyang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa at Buwan ng Kasaysayan, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 20-18 na nagtatakda ng temang, **Kasaysayan ng Wika, Wika ng Kasaysayan, Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya** na naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

2. Layunin ng Buwan ng Wika 2020 ang mga sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Filipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. Maipakilala sa mga mamamayang Filipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

3. Hinati sa apat na lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang:

Petsa	Tema
Agosto 3–7, 2020	Pagtangkilik sa Katutubong Wika bílang Pagpapahalaga sa mga Pamanang Pangkultura sa Panahon ng Pandemya
Agosto 10–14, 2020	Katutubong Wika: Wika ng Pagtugon at Artikulasyon ng Bayanihan Katutubong Wika: Wika ng Pagtugon at Artikulasyon ng Bayanihan sa Panahon ng Krisis at Pandemya
Agosto 17–21, 2020	Kasaysayan ng Wika, Wika ng Kasaysayan Kamalayan sa Kasaysayan sa Pagsasawika ng

	Karanasan tungo sa Bayanihan sa Panahon ng Pandemya
Agosto 24–28, 2020	Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya

4. Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Sangay ng Edukasyon at Networking** sa email komisyonsawika@gmail.com o mobile 0928-8440-1349.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

LEONOR MAGTOLIS BRIONES
Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg.: 079, s. 2019

Ilalagay sa Palagiang Palatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LANGUAGE
LEARNERS
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOL

To authenticate this document, please scan the QR code

DEPED-OSEC-434990

MCR/SMMA/APA,MPC DM-Buwan ng Wika
0195 - Agosto 13, 2020